Grade 6

(GCED)

# Global Citizenship Education Lesson Exemplar

# EDUKASYON SA PAGPAPAPAKATAO

Copyright © 2021 Asia-Pacific Centre of Education for International Understanding, Philippine Normal University, and Department of Education-Philippines

All rights reserved. No part of this book may be reproduced or used in any manner without written permission of the copyright owner except for the use of quotations in a book review.

**Published by**
Asia-Pacific Centre of Education for International Understanding
and
Philippine Normal University
Manila, Philippines

Learning Area: Edukasyon sa Pagpapakatao
Grade Level: 6
Title: Pagbuo ng Pasya Tungo sa Kabutihang Panlahat
Project: Global Citizenship Education Curriculum Development and Integration in the Philippines

**Editorial Board**
Writer: Sheena N. Alih

Layout Artist: John Ray D. Barcena

Language Editor: Jasper P. Lomtong

Content Editors: Maria Lourdes Quisumbing-Baybay and Ma. Lorella C. Arabit-Zapatos

Developmental Editor: Ma. Lorella C. Arabit-Zapatos

Associate Editors: Serafin A. Arviola Jr., Carl O. Dellomos, Zyralie L. Bedural, Rowena R. Hibanada, and Gerry C. Areta

Managing Editors: Carl O. Dellomos and II Timothy D. Salegumba

Chief Editor: Carl O. Dellomos

**Reviewers**
Floyd G. Aquino, Flor-Anne D. Gonzales, Yvette Marie R. Muyco, Alester D. Oca, Lisette Philline C. Rivera, Richard C. Agustin, John Bren M. Dolor, Joseph Joy G. Havana, Francis Albert B. Mendoza, Jovel J. Oberio, Hel S. Patricio, Reynante M. Sofera, and Jinx D. Villas

**Consultants**
Bert J. Tuga, Jocelyn DR Andaya, and Rita B. Ruscoe

**Project Management Team**
*Project Director: Serafin A. Arviola Jr.*
*Deputy Project Director: Carl O. Dellomos*
*Core Team Members: Zyralie L. Bedural, Rowena R. Hibanada, and Gerry C. Areta*
*Faculty Assistant: Iona Ofelia B. Zanoria*
*Technical Assistants: II Timothy D. Salegumba and Jean Pauline E. Maur*

ISBN: 979-11-87819-86-8
APCEIU Publication Number: BE-RND-2021-061

**Learning Area:** Edukasyon sa Pagpapakatao

**Grade Level:** 6

**Quarter:** 1st

**GCED Domain/s:** Cognitive, Socio-Emotional, and Behavioral

**GCED Indicator/s:**

D1.1.a Recognize complex situations or problems

D2.1.c Show concern and respect for humanity based on human rights

D3.1.e Design initiatives to advance common good

**GCED Topic/s:**

T5.4 Prevention of Conflicts, cultural inequities and Hate Crimes

**Enhanced Content Standard/s:**

Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagsunod sa mga tamang hakbang bago makagawa ng isang desisyon para sa pagsulong ng kabutihang panlahat.

**Enhanced Performance Standard/s:**

Naisasagawa ang tamang desisyon nang may pagsasalaang-alang sa iba at katatagan ng loob para sa kabutihang panlahat.

**Time Allotment:**

30 minutes

# TABLE OF CONTENTS


| | |
|---|---|
| **Lesson Title** | 2 |
| **Lesson Introduction** | 3 |
| Lesson Objectives (What I Need to Know/ Alamin) | 3 |
| Pretest (What I Know / Subukin) | 4 |
| **Lesson Proper** | 5 |
| Review (What's In / Balikan) | 5-7 |
| Activity (What's New/ Tuklasin) | 8-9 |
| Discussion (What is It / Talakayin) | 10-11 |
| Generalization (What I Have Learned/ Isaisip) | 12 |
| Reflection (Why is it meaningful and relevant /Isapuso) | 13-14 |
| Application (What I Can Do / Isagawa) | 15 |
| Assessment / Tayahin | 16 |
| Answer Key / Susi sa Pagwawasto | 17 |
| References / Sanggunian | 18 |

# PAGBUO NG PASYA

## TUNGO SA KABUTIHANG PANLAHAT



# LESSON INTRODUCTION

Magandang buhay mga butihing mag-aaral!

Sa modyul na ito ay ating tutuklasin ang mga isinasaalang-alang sa pagbuo ng iyong pasya sa iba't ibang sitwasyon na iyong kinakaharap bilang isang kabataan.

Handa ka na ba? TARA! Atin nang simulan ang ating aralin!

# LESSON OBJECTIVE

## (WHAT I NEED TO KNOW / ALAMIN)

**MGA LAYUNIN:**

a. Nauunawaan ang mga dapat isaalang – alang sa pagbuo ng desisyon o pasya.

b. Napahahalagahan ang pagkakaroon ng paggalang sa Karapatang – Pantao ng mga bata.

c. Nakapagtatala ng mga sitwasyon kung saan pinairal ang pagsaalang- alang o paggalang sa Karapatang – Pantao ng kapwa.

# PRETEST

## (WHAT I NEED TO KNOW / SUBUKIN)

**TAMA O MALI**

PANUTO: Isulat ang TAMA kung ang nakasaad sa pangungusap ay nagpapahayag ng diwang wasto at MALI naman kung hindi. Isulat ang mga sagot sa iyong kuwaderno.

________ 1. Mahalagang pag-isipan nang mabuti ang sitwasyon bago gumawa ng pasya.

________ 2. Ang mapanuring isip ay HINDI kailangan sa pagbuo ng pasya.

________ 3. Sa bawat araw ay nakagagawa ka ng isang pasya na makatutulong sa iyong pamilya o kapwa.

________ 4. Mahalaga ang panahon sa pagbuo ng pasya.

________ 5. Ang pagpapasya ay natutuon sa kapakanan ng iba at hindi sa kapakanang pansarili.

# LESSON PROPER

## REVIEW (WHAT'S IN/BALIKAN)

**GAWAIN 1. "4 PICS 1 WORD"**

PANUTO: Tukuyin ang ibig ipahiwatig ng mga larawan at ayusin ang mga letra na nasa bawat kahon upang mabuo ang mga salitang may kinalaman sa paksang ating aaralin. Isulat ang mga sagot sa iyong kuwaderno.




| P A G A P A P A Y S |
| --- |

Sagot: ____________________




| R A P A T A N K A |
| --- |

Sagot: ____________________

# LESSON PROPER

## REVIEW (WHAT'S IN/BALIKAN)



A K B A A A N T

Sagot: ______________________




B A G A L G A P

Sagot: ______________________




K B T H N G A U I A P N L H T A A

Sagot: ______________________ __________________

# LESSON PROPER

## REVIEW (WHAT'S IN/BALIKAN)

**Pagsusuri:**

1. Ano ang kahulugan ng mga salita?
2. Bilang isang kabataan, ano-ano ang iyong mga karapatan?
3. Nakasaksi o nakapanood ka na ba ng mga paglabag sa karapatan ng ibang kabataan? Kung oo, ano ito at ano ang iyong naramdaman ukol dito?

# LESSON PROPER

## ACTIVITY (WHAT'S NEW/TUKLASIN)

**GAWAIN: Lights, Camera, Action!!!**

Panuto: Ang klase ay hahatiin sa apat na pangkat. Bibigyan ang bawat pangkat ng paglabag sa Karapatan ng tao na nararanasan sa buong mundo. Ang bawat pangkat ay magsasagawa ng dula-dulaan hinggil sa paglabag sa karapatang pantao na napunta sa kanilang pangkat. Ipakikita nila ito sa klase sa loob ng 3 minuto. Bibigyan ang bawat pangkat ng 5 minuto upang makapag-usap ukol sa dula-dulaan na kanilang ipapakita sa klase.

| PANGKAT | PAGLABAG SA KARAPA-TANG - PANTAO | SANHI |
|---|---|---|
| Una | Pambubulas (Bullying) | Sirang ngipin |
| Ikalawa | Racism | Kulay ng balat |
| Ikatlo | Diskriminasyon | Sobrang katabaan |
| Ikaapat | Ethnicity | Pagiging Katutubong Aeta |

**KRAYTIRYA SA PAGTATAYA:**

| Mga Kasanayan: | Namasid 5 puntos | Di-Gaanong Namasid 3 puntos | Hindi Namasid 1 puntos | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|
| 1.Malinaw na nailahad ang pagpapasya sa presentasyon | | | | |
| 2. Naging mabuti o tama ang batayan sa ginawang pagpapasya | | | | |
| 3. Naging malikhain sa presentasyon | | | | |

# LESSON PROPER

## ACTIVITY (WHAT'S NEW/TUKLASIN)

**Pagsusuri:**

1. Naging madali ba ang ginawang dula-dulaan?

2. Ano ang iyong naramdaman sa mga sitwasyon na pinakita?

3. Sa iba't ibang sitwasyong pinakita, ano ang tumimo sa iyo bilang isang kabataan? Bakit? Ipaliwanag.

4. Ano ang gagawin mo kung ikaw ang makasaksi ng ganitong uri ng sitwasyon?

5. Sa iyong palagay, maiiwasan ba ang mga ganitong sitwasyon? Kung oo, Paano? Ipaliwanag.

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

**"Pag – isipan mo muna ng sampung beses bago ka magpasya."**

Ito ang paulit – ulit na sinasabi sa atin ng mga matatanda. Bilang ikaw ay nasa ika-anim na baitang pa lamang ay marami kang pagbabagong nararanasan sa iyong pisikal na pangangatawan kasabay nito ang pagkakaroon mo ng mas malawak na kaisipan ukol sa mga sitwasyon na iyong nararanasan araw-araw. Ngayon ay ang panahon na mas dumarami ang iyong kaibigan at naeengganyo ka sa pakikisama at paggaya sa kanila. Bilang isang kabataan ay nangangailangan ka pa ng gabay ng mga nakatatanda sa iyong paligid lalo na ang iyong mga magulang upang matulungan ka sa paggawa ng tamang pagpapasya.

Ang pagpapasya ay isang napakamakabuluhang proseso. Ito ay nagsisimula sa pagpili mo mula sa mga pamimilian o tinatawag na alternatives. Ito ay dapat na ginagawa mo nang malaya, hindi nagmamadali at tinimbang nang mabuti ang mga pagpipilian. Sa pagpili sa mga ito ay kasabay ang pagtitimbang sa magiging bunga ng iyong pagpili. Dito mo maitatanong ang sarili na "Kapag pinili ko ito? Ano ang magiging bunga nito sa akin? o sa ibang tao? Kapag hindi ko naman ito pinili? Ano ang magiging bunga nito sa akin o sa ibang tao?". Mahalagang laging isaalang – alang ang kapwa sa paggawa ng pagpapasya.

Sa pagsaalang – alang mo sa iyong kapwa sa pagpapasya ay mahalagang maunawaan mo ang mga karapatan na mayroon ang lahat ng kabataan. Ang Four Principles of United Nations Convention on the Rights of the Child (UNCRC) ay nagpapahayag na ang bawat tao na mababa sa edad na 18 taon ay kailangang umunlad at mabuhay ng isang malusog na pamumuhay. Ito ay ang mga sumusunod;

1.Walang-diskriminasyon. Tratuhin nang patas ang lahat at may paggalang.
2.Karapatan sa buhay, mabuhay ng ligtas (survival) at pag-unlad Ang mga bata at kabataan ay may karapatan sa mga saligang pangangailangan upang mabuhay, at umunlad.
3.Pinakamahusay na interes ng mga bata at kabataan. Palaging tanungin ang inyong sarili: "ang desisyon bang ginagawa ko ay mabuti para sa mga bata?" .
4.Igalang ang pananáw ng mga bata at kabataan Ang mga bata at kabataan ay kailangang kasali at isaalang-alang ang kanilang mga pananáw kapag gumagawa ng mga desisyon na nakakaapekto sa kanila.

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

Makatutulong ang iyong kaalaman sa apat na prinsipyo ng mga karapatan mo bilang isang kabataan upang maging matalino ka sa paggawa mo ng pasya nang may pagmamahal at paggalang sa karapatan ng isang kabataan na katulad mo.

Ang pagpapasya ay dapat na dumadaan sa proseso upang ang magiging bunga nito ay laging nakaugnay sa iyong mga pagpapahalaga katulad ng respeto at pagmamahal sa iyong kapwa. Mahalagang laging isaisip ang kapakanan ng iyong kapwa sa paggawa mo ng pagpapasiya. Mahalagang isaalang-alang palagi ang paggalang sa karapatang pantao ng iyong kapwa upang magkaroon tayo ng mundo na may paggalang at pagmamahal sa karapatan ng bawat isa.

Nararapat lamang na ikaw maging instrumento na kumikilala at gumagalang sa karapatang pantao. Manguna ka sa pagpapakita ng pagpapahalaga sa dignidad ng iyong kapwa anopaman ang kaniyang pisikal na katangian, relihiyon, kasarian, paniniwala, antas ng pamumuhay atbp.

Mahalagang unawain na sa paggawa ng tamang pagpapasya, ito ay hindi nakabatay sa kung ano lamang ang nakabubuti para sa iyo ngunit ito ay nakabatay sa kung ang nakabubuti sa kapakanan ng iba. Samakatuwid, ang pagpapasya ay laging nakabatay sa kung paano ka makakatulong sa pagkamit ng kabutihang panlahat sa iyong lipunang ginagalawan.

# LESSON PROPER

## GENERALIZATION (WHAT I HAVE LEARNED/ISAISIP)

**GAWAIN: Punan ang mga patlang.**

Natutuhan ko sa araling ito na ang ______________________________ ay ________
__________________________________________________________________________
__________________________________________________________________________
______. Ito ay dapat na ____________________________________________________
__ upang _________________________________________________________________
__.

# LESSON PROPER

## REFLECTION (WHY IS IT MEANINGFUL AND RELEVANT/ISAPUSO)

### GAWAIN: SONG ANALYSIS

Panuto:

Kantahin at damahin ang kantang "Kaleidoscope World" ni Francis Magalona.

So many faces, so many races
Different voices, different choices
Some are mad, while others laugh
Some live alone with no better half
Others grieve while others curse
And others mourn behind a big black hearse

Some are pure and some half-bred
Some are sober and some are wasted
Some are rich because of fate and
Some are poor with no food on their plate
Some stand out while others blend
Some are fat and stout while some are thin
Some are friends and some are foes
Some have some while some have most

Every color and every hue
Is represented by me and you
Take a slide in the slope
Take a look in the kaleidoscope
Spinnin' round, make it twirl
In this kaleidoscope world

Some are great and some are few
Others lie while some tell the truth
Some say poems and some do sing
Others sing through their guitar strings
Some know it all while some act dumb

Let the bassline strum to the bang of the drum
Some can swim while some will sink
And some will find their minds and think
Others walk while others run
You can't talk peace and have a gun

Some are hurt and start to cry
Don't ask me how don't ask me why
Some are friends and some are foes
Some have some while some have most

Every color and every hue
Is represented by me and you
Take a slide in the slope
Take a look in the kaleidoscope
Spinnin' round, make it twirl
In this kaleidoscope world

*Source: Musixmatch*

# LESSON PROPER

## REFLECTION (WHY IS IT MEANINGFUL AND RELEVANT/ISAPUSO)

**Pagsusuri:**

1. Ano ang iyong naramdaman sa kanta?

2. Sa iyong mga napapanood o nababasa na nagaganap sa iba't ibang parte ng mundo, ano ang pinaka-nakalulungkot na iyong nabasa o napanood? Bakit?

3. Anong linya ng kanta ang tumimo sa iyong damdamin? Bakit? Ipaliwanag.

# LESSON PROPER


## APPLICATION (WHAT I CAN DO/ISAGAWA)

**GAWAIN: TATLONG PANGAKO PARA SA KAPWA KO!**

Panuto:

Ibakat ang iyong kaliwa o kanang kamay at magsulat ng tatlong pagkilos upang maipakita mo ang paggalang at pagmamahal mo sa Karapatan ng iyong kapwa – bata.

Halimbawa:




Dito naman ang sa iyo.

# ASSESSMENT

## TAYAHIN

**MATCHING TYPE:**

Panuto: Basahin ang tanong sa Hanay A at hanapin ang tamang sagot sa Hanay B. Ilagay ang letra ng iyong sagot sa patlang bago ang bawat numero.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| _____1. Sila ang mga taong gagabay sa iyo sa pagpapasya. | a.Pagpipilian o alternatives |
| _____2. Ito ang nagtatag ng Convention on the Rights of the Child. | b. magulang |
| _____3. Nararapat na tinimbang ang mga ito bago magpasya. | c. United Nations |
| ____4. Ito ang makakamit natin kung ang bawat isa ay may pagmamahal at paggalang sa karapatang pantao. | d. 18 taong gulang pababa |
| ____5. Ito ang edad na maituturing na isang kabataan. | e. kabutihang panlahat |

# ANSWER KEY

## SUSI SA PAGWAWASTO

**Pretest**

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Tama

**Assessment**

1. B
2. C
3. A
4. E
5. D

# REFERENCES
## SANGGUNIAN


**Mula sa Aklat:**

Punsalan, Twila G., et.al, Kaganapan ng Pagkatao, Quezon City: Rex Printing Company, Inc., 2007

Gayola, Sheryll T., et. Al, Edukasyon sa Pagpapakatao - Ikasiyam na Baitang Modyul para sa Mag – aaral, Valenzuela City: Bloombooks, Inc., 2015

**Mula sa Internet:**

Social Influence in Adolescent Decision-Making: A Formal Framework hinango noong Hulyo 22, 2021 mula sa https://www.frontiersin.org/articles/10.3389/fpsyg.2019.01915/full

Values Clarification in Counseling and Psychotherapy: Practical Strategies for Individual and Group Settings hinango noong Hulyo 22, 2021 mula sa https://oxford.universitypressscholarship.com/view/10.1093/acprof:oso/9780199972180.001.0001/acprof-9780199972180

United Nations Convention on the Rights of the Children hinango noong Agosto 21, 2021 mula sa https://www.unicef.org/child-rights-convention

Four Principles of the United Nations Convention on the Rights of the Children hinango noong Agosto 21, 2021 mula sa https://www.scyofbc.org/wp-content/uploads/2016/02/Tagalog-Child-Rights-Brochure.pdf

Liriko ng kantang Kaleidoscope World ni Francis Magalona na hinango noong Agosto 21, 2021 mula sa https://www.azlyrics.com/lyrics/francism/kaleidoscopeworld.html

Mga larawang ginamit sa modyul na ito ay hinango noong Hulyo 22, 2021 mula sa https://www.canva.com/design/DAEnchV2gas/3Fr14TUjbQQNGXNnU9FwhA/edit#

비매품/무료
13370
9 791187 819868
ISBN 979-11-87819-86-8